Pangalan _____ Petsa _____ Marka _____

Kayarian ng Pangungusap

Isulat ang titik **P** sa patlang sa loob ng saknong kung ang kayarian ng pangungusap ay **payak** at **T** kung ito ay **tambalan**.

1. Sina Mike at Michelle ay nagbakasyon sa probinsiya nila. (__)
2. Inihanda ni Gemma ang hapag-kainan at sinalubong ni Dina ang mga panauhin. (__)
3. Hinanap ni Dante ang kanyang pitaka, ngunit hindi niya ito nakita. (__)
4. Si Ginoong Paredes ay nagbigay ng pagsusulit sa mga mag-aaral sa ika-lima at ika-anim na baitang. (__)
5. Walang masakyan na dyip si Rommel, kaya naglakad siya pauwi. (__)
6. Ang mga guro at mag-aaral ay nagtipun-tipon sa auditoryo. (__)
7. Maaga gumigising si Andres, subalit tanghali na bumabangon si Juan. (__)
8. Kumain ng meryenda ang mga bata at ginawa nila ang kanilang mga takdang-aralin. (__)
9. Si Paolo ay pumunta sa istasyon ng bus at bumili ng tatlong tiket. (__)
10. Agad na inaresto ng mga pulis at tanod ang mga lalaking kasangkot sa pagnanakaw. (__)
11. Pinagsabihan na ang mga bata ng kanilang magulang, pero talagang pasaway ang kanilang mga anak. (__)
12. Manood tayo ng telebisyon sa sala o maglaro tayo ng bola sa bakuran. (__)
13. May sipon, ubo, at lagnat si Beth, kaya binigyan siya ng gamot ng doktor. (__)
14. Ang magulang na nagbibigay ng oras, atensiyon, tulong, at payo sa kanyang anak ay nagpapakita ng pagmamahal. (__)
15. Si Hannah o si Alicia ang pipiliin bilang kinatawan ng paaralan. (__)

©2016 Pia Noche

Pangalan _____ Petsa _____ Marka _____

Kayarian ng Pangungusap

Isulat ang titik **P** sa patlang sa loob ng saknong kung ang kayarian ng pangungusap ay **payak** at **T** kung ito ay **tambalan**.

1. Masarap ang ulam na may karneng baboy, pero si Francis ay isang *vegetarian*. (__)
2. Si Lola ay pumunta sa hardin at nagdilig ng mga halaman. (__)
3. Nag-aral nang mabuti si Greg, kaya mataas ang kanyang marka. (__)
4. Ang inahin at mga sisiw ay nagtago sa ilalim ng bahay kubo. (__)
5. Handa nang pumasok si Carol, subalit kinansela ang mga klase. (__)
6. Magaling ang koponan ni Marco sa basketbol, ngunit hindi nila nakuha ang unang gantimpala sa paligsahan. (__)
7. Manonood kami ng sine o kakain kami sa Jollibee sa Linggo.(__)
8. Sina Rachel at Rafael ay ang mga pamangkin nina Rudy at Anna. (__)
9. Si Rachel ay isang nars at si Rafael ay isang arkitekto. (__)
10. Nagmadaling kumain ng almusal at nagbihis si Rolando. (__)
11. Inutusan na maglinis ng sala at kusina ang magkapatid na sina Tina at Sarah. (__)
12. Kinabahan si Sheena sa narinig niyang ingay, ngunit kalmado lang ang katabi niya na si Emerson. (__)
13. Aalis ngayon ang tatay mo, pero babalik din siya bukas. (__)
14. Maghapon kaming nag-ensayo para sa P.E. at lubos kaming napagod. (__)
15. Magbibihis at magpapahinga muna ako nang sandali sa kuwarto. (__)

©2016 Pia Noche

Pangalan _____ Petsa _____ Marka _____

Kayarian ng Pangungusap (Mga Sagot)

Isulat ang titik **P** sa patlang sa loob ng saknong kung ang kayarian ng pangungusap ay **payak** at **T** kung ito ay **tambalan**.

1. Sina Mike at Michelle ay nagbakasyon sa probinsiya nila. (**P**)
2. Inihanda ni Gemma ang hapag-kainan at sinalubong ni Dina ang mga panauhin. (**T**)
3. Hinanap ni Dante ang kanyang pitaka, ngunit hindi niya ito nakita. (**T**)
4. Si Ginoong Paredes ay nagbigay ng pagsusulit sa mga mag-aaral sa ika-lima at ika-anim na baitang. (**P**)
5. Walang masakyan na dyip si Rommel, kaya naglakad siya pauwi. (**T**)
6. Ang mga guro at mag-aaral ay nagtipun-tipon sa auditoryo. (**P**)
7. Maaga gumigising si Andres, subalit tanghali na bumabangon si Juan. (**T**)
8. Kumain ng meryenda ang mga bata at ginawa nila ang kanilang mga takdang-aralin. (**T**)
9. Si Paolo ay pumunta sa istasyon ng bus at bumili ng tatlong tiket. (**P**)
10. Agad na inaresto ng mga pulis at tanod ang mga lalaking kasangkot sa pagnanakaw. (**P**)
11. Pinagsabihan na ang mga bata ng kanilang magulang, pero talagang pasaway ang kanilang mga anak. (**T**)
12. Manood tayo ng telebisyon sa sala o maglaro tayo ng bola sa bakuran. (**T**)
13. May sipon, ubo, at lagnat si Beth, kaya binigyan siya ng gamot ng doktor. (**T**)
14. Ang magulang na nagbibigay ng oras, atensiyon, tulong, at payo sa kanyang anak ay nagpapakita ng pagmamahal. (**P**)
15. Si Hannah o si Alicia ang pipiliin bilang kinatawan ng paaralan. (**P**)

©2016 Pia Noche

Pangalan _____ Petsa _____ Marka _____

Kayarian ng Pangungusap (Mga Sagot)

Isulat ang titik **P** sa patlang sa loob ng saknong kung ang kayarian ng pangungusap ay **payak** at **T** kung ito ay **tambalan**.

1. Masarap ang ulam na may karneng baboy, pero si Francis ay isang *vegetarian*. (**T**)
2. Si Lola ay pumunta sa hardin at nagdilig ng mga halaman. (**P**)
3. Nag-aral nang mabuti si Greg, kaya mataas ang kanyang marka. (**T**)
4. Ang inahin at mga sisiw ay nagtago sa ilalim ng bahay kubo. (**P**)
5. Handa nang pumasok si Carol, subalit kinansela ang mga klase. (**T**)
6. Magaling ang koponan ni Marco sa basketbol, ngunit hindi nila nakuha ang unang gantimpala sa paligsahan. (**T**)
7. Manonood kami ng sine o kakain kami sa Jollibee sa Linggo.(**T**)
8. Sina Rachel at Rafael ay ang mga pamangkin nina Rudy at Anna. (**P**)
9. Si Rachel ay isang nars at si Rafael ay isang arkitekto. (**T**)
10. Nagmadaling kumain ng almusal at nagbihis si Rolando. (**P**)
11. Inutusan na maglinis ng sala at kusina ang magkapatid na sina Tina at Sarah. (**P**)
12. Kinabahan si Sheena sa narinig niyang ingay, ngunit kalmado lang ang katabi niya na si Emerson. (**T**)
13. Aalis ngayon ang tatay mo, pero babalik din siya bukas. (**T**)
14. Maghapon kaming nag-ensayo para sa P.E. at lubos kaming napagod. (**T**)
15. Magbibihis at magpapahinga muna ako nang sandali sa kuwarto. (**P**)

©2016 Pia Noche